


## Ang Paglipat sa Ibang Ospital Habang Inaalagaan Kayo Dahil sa Stroke



### Bakit ba ako inililipat sa ibang ospital?

- Ang **Stroke Care ay specialized** at ito'y inilalaan sa ilang mga takdang ospital para masigurado na nakukuha ninyo ang pinakamahasag na resulta.
- Kung sinususpetsahang nagkaroon kayo ng stroke, ang mga ospital at mga paramedic ay magtutulungan para dalhin kayo sa isang Regional Stroke Centre (RSC) para sa **emergency assessment at treatment**:
  - maaari kayong diretsong dalhin ng mga paramedic sa isang RSC o kaya,
  - kung kayo'y nasa ibang ospital, maaari kayong ilipat sa isang RSC.



### Ano ba ang Regional Stroke Centre?

- Ito'y isang acute care hospital na naglalaan ng 24-oras na **ekspertong emergency service** para mabigyang-lunas kaagad ang stroke.
  - Ito'y mayroong specialized assessments, gamot, at mga procedure na magagamit kung kinakailangan.
  - Ang mga serbisyong ito ay maaaring **makaligtas ng buhay** o makabawas ng mga epekto ng isang stroke.



### Hindi na ninyo kailangan ng serbisyo ng Regional Stroke Centre services -- ano ang susunod na gagawin?

- Kung kayo ay **na-stroke**, maaaring ilipat kayo sa ospital na pinakamalapit sa inyong tahanan, kung saan may stroke unit, para patuloy ninyong makukuha ang specialized na pangangalaga.
- Kung kayo ay **hindi na-stroke**, pauwiin kayo o ililipat kayo sa isang ospital na mas malapit sa inyong tahanan at na nagbibigay ng pangangalagang kinakailangan ninyo.

### Bakit ba mahalaga ito?

- Inililipat kayo sa isang ospital na makakapagbigay ng **pangangalagang kinakailangan ninyo** at na mas malapit sa inyong tahanan.
- Sinisigurado nito na ang Regional Stroke Centre ay mananatiling available para sa ibang mga táong nangangailangan ng emergency care sa stroke.